# Dilaw na Payong

Si Lila ay may dilaw na payong. Maulan sa labas. Ginamit niya ang payong. Naglakad siya papunta sa paaralan. May nakita siyang batang walang payong. Pinayungan niya ang bata. Nagpasalamat ang bata kay Lila.



FT FUN TEACHER FILES

# Dilaw na Payong

## Mga Tanong:

1. Sino ang may dilaw na payong?
2. Ano ang panahon sa labas?
3. Saan papunta si Lila?
4. Sino ang nakita niya?
5. Ano ang sinabi ng bata kay Lila?

FT FUN TEACHER FILES

# Aso ni Tom

May aso si Tom. Ang pangalan nito ay Bibo. Mahilig tumakbo si Bibo. Isang araw, tumakbo siya sa hardin. May nakita siyang bola. Kinuha niya ang bola. Tuwang-tuwa si Tom.



FT FUN TEACHER FILES

# Aso ni Tom

## Mga Tanong:

1. Sino ang may aso?
2. Ano ang pangalan ng aso?
3. Ano ang hilig gawin ni Bibo?
4. Saan tumakbo si Bibo?
5. Ano ang nakita niya?



FT FUN TEACHER FILES

# Baon ni Nena

May baon na tinapay si Nena. Umupo siya sa ilalim ng puno. Kumain siya ng tinapay. May lumapit na ibon. Binigyan niya ng maliit na piraso ang ibon. Kinain ito ng ibon. Masaya si Nena.



FT FUN TEACHER FILES

# Baon ni Nena

## Mga Tanong:

1. Sino ang may baon na tinapay?
2. Saan umupo si Nena?
3. Ano ang kinain niya?
4. Ano ang lumapit kay Nena?
5. Ano ang ibinigay niya sa ibon?



FT FUN TEACHER FILES

# Bagong Lapis

May bagong lapis si Carlo. Dinala niya ito sa paaralan. Ginamit niya ito sa pagsulat. Nabali ang dulo ng lapis. Hinasa niya ang lapis. Muli siyang nagsulat. Maganda ang kanyang sulat.



FUN TEACHER FILES

# Bagong Lapis

## Mga Tanong:

1. Sino ang may bagong lapis?
2. Saan dinala ni Carlo ang lapis?
3. Ano ang ginawa niya sa lapis?
4. Ano ang nangyari sa dulo ng lapis?
5. Ano ang ginawa niya sa lapis?



FT FUN TEACHER FILES